



Lathalain ng Atimonan One Energy, Inc. Tuwing ika-3 buwan • Bulto 5 Bilang 3 • Septembre 2018

Mga Atimonanin muling nagtungo sa ERC upang magpahayag ng suporta sa A1E



Tabimik at sama-samang nagpakita ng suporta sa itatayong planta ng kuryente ang mga residente ng Atimonan sa tanggapan ng ERC sa pangunguna ni G. Demosthenes Hernandez (Kanan).

Muling ipinakita ng mga mamamayan ng Atimonan ang kanilang suporta sa itatayong 1,200 *megawatt* na planta ng kuryente ng Atimonan One Energy, Inc. (A1E) sa Brgy. Villa Ibaba, Atimonan, Quezon.

Mahigit 50 residente ang nagtungo sa tanggapan ng Energy Regulatory Commission (ERC) noong ika-19 ng Setyembre upang magpahayag ng suporta hindi lamang sa A1E kundi pati na rin sa ERC na siyang magde-desisyon sa nakambinbing Power Supply Agreement (PSA) ng kumpanya.

Kabilang sa mga nagpakita ng suporta ang mga taga-Villa Ibaba kasama ang kanilang kapitan na si Kap. Rogelio Balinsayo at ang presidente ng New Carinay Homeowners Association na si G. Manuel Trapalgar. Kasama din ang mga mangingisda at magsasaka mula sa ibat-ibang bahagi ng Atimonan.

Bukod sa pagpapakita ng suporta, nagpasalamat rin ang mga residente sa paggawad ng Department of Energy (DOE) ng sertipiko na nagdedeklara sa proyekto ng A1E bilang isang Energy Project for National Significance (EPNS).

Ayon sa tagapagsalita ng grupo na si G. Demosthenes Hernandez, inaasahan nilang magtutuloy-tuloy na ang progreso sa proyektong matagal nang inaantay ng mga Atimonanin.

“Malaki ang maitutulong ng proyektong ito sa aming komunidad dahil ito ay magbubukas ng karagdagang trabaho na siyang inaabangan at hinihintay namin sa Atimonan,” ayon kay G. Hernandez, na siya ring presidente ng Municipal Agriculture and Fisheries Council (MAFC).

“Naniniwala kami na malaki ang maitutulong nito sa amin kaunlaran. Inaasahan naming hindi magtatagal ay magsisimulang tumaas ang antas ng kabuhayan naming

mga Atimonanin sa tulong ng proyektong ito,” dagdag pa niya.

“Magsisilbi itong bagong pag-asa sa pagkakaroon ng magandang kinabukasan para sa mga kabataan at sa mga susunod na henerasyon ng mga Atimonanin.”

Hindi ito ang unang pagkakataon na nagpunta ang mga opisyal ng lokal na pamahalaan at mga residente sa ERC para magpahayag ng suporta sa proyekto ng A1E. Matatandaang si Mayor Rustico Joven Mendoza mismo ang nanguna sa isang pagbisita na ginawa noong ika-4 ng Hunyo 2017 at nakiisa rin sila pagdinig na ginawa sa House of Representatives.

A1E power plant idineklara bilang Energy Project of National Significance ng DOE

Noong ika-11 ng Setyembre, naglabas ng sertipiko ang Department of Energy (DOE) na nagtatalaga sa 1,200 MW na *power plant* ng Atimonan One Energy, Inc. (A1E) bilang Energy Project of National Significance (EPNS).

Ang proyektong ito ang ikaapat na kumpanya na nagawaran ng EPNS ng DOE, alinsunod sa Executive Order 30 na nilagdaan ni Pangulong Rodrigo Duterte.

Ayon sa direktibang ito, ang mga proyektong nabigyan ng EPNS status ay kailangang maaksyunan o maaprubahan sa loob ng 30 araw dahil ang mga ito ay mahalaga para maisakatuparan ang mga programa sa ilalim ng Philippine Energy Plan. Ayon sa presidente ng Meralco Powergen na si G. Rogelio Singson, handa na ang A1E anumang oras na simulan ang pagtatayo ng planta. Tanging ang Power Sales Agreement (PSA) na lang ang hinihintay upang ito ay umusad.

Sama-samang paglilinis sa baybayin ng Atimonan bilang paggunita sa International Coastal Clean-up Day



Sama-samang nililinis ng mga mag-aaral ng ANCHS ang isang ilog na nabaraban ng ibat-ibang basura na nagmumula sa kababayan sa kabayanan ng Atimonan.

Halos 500 katao ang boluntaryong nakiisa sa isang malawakang paglilinis sa baybayin na nasasakupan ng bayan ng Atimonan noong ika-22 ng Setyembre, isang aktibidad na isinagawa taun-taon upang ipagdiwang ang International Coastal Clean-up Day.

Tinatayang 1.2-kilometro ang haba ng baybayin ang nasakop ng isang araw na paglilinis kung saan 125 na sako o 1,150 kilo ng basurang plastik, tali, tsinelas, lambat at boteng plastik ang nakolekta sa baybayin at itinapon sa sanitary landfill sa Barangay Inaclagan.

Samantala ang 18 toneladang bunot, siit ng kawayan, damo na galing sa dagat at mga bulok na kahoy ang ibinaon sa baybayin kung saan hindi ito maaabot ng tubig dagat.

Ang aktibidad na ito ay pinangunahan ng Atimonan One Energy, Inc. (A1E), lokal na pamahalaan ng Atimonan sa pangunguna ni Kosehala Merly Pesigan, ang pinuno Municipal Environment and Natural Resources Office (MENRO) ng Atimonan.

Umabot ng 475 ang kabuuang bilang ng mga nag boluntaryong sumama mula sa iba't-ibang grupo kabilang ang mga NGOs, mga Coast Guard, mga estudyante ng Atimonan National Comprehensive High School (ANCHS), College of Science Technology and Communication (CSTC), Atimonan United Methodist Christian School, Inc., at pati na rin ang mga opisyal ng barangay Zone 1, 2, 3, 4.

Ang paglilinis ng tabing dagat ay palagiang ginagawa ng A1E bilang bahagi ng Corporate Social Responsibility (CSR) program ng kumpanya.

A1E nakiisa sa matagumpay na pagdiriwang ng Tagultol Fishing Festival

Bilang pagbubukas ng taunang kapistahan ng Atimonan noong ika-28 ng Hulyo, nagkaroon ng kauna-unahang *family fun run* na dinaluhan ng 515 na kalahok mula sa nasabing bayan at iba pang karatig-bayan at lalawigan katulad ng Gumaca, Plaridel, Metro Manila, Tagaytay at iba pa.

Ito ay naging matagumpay dahil sa pagtutulungan ng lokal na pamahalaan ng Atimonan, partikular ng Municipal Disaster and Risk Reduction Management Office (MDRRMO), Municipal Tourism Office (MTO), Public Relations and Information Office (PRIO), at ng Atimonan One Energy (A1E).

Si G. Jackson Chirchir, tubong Nepali at kasalukuyang nanunuluyan sa Tagaytay, ang unang nakatapos sa loob lamang ng 18 minuto. Nakuha naman nina G. Junel Gibotia na mula Metro Manila at G. Christopher Galo na Camarines Sur ang ikalawa at ikatlong pwesto. Sila ay nakatanggap ng medalya at pera bilang papremyo.

Ang anim na kilometrong *fun run* ay nagsimula sa tapat ng bagong munisipyo ng bayan hanggang sa dulo ng kalsada ng barangay Caridad Ilaya o mas kilala sa tawag na kalsada ng Bilukaw. Ang kalsadang ito ay isa sa mga bagong atraksyon sa bayan ng Atimonan at dinarayo ng mga turista dahil sa magandang tanawin.

Higit sa papremyo mas dinayo ang *fun run* na ito upang masilayan sa bukung liwayway ang kagandahan ng nasabing kalsada.

Bukod sa *fun run*, muling pinangunahan ng A1E ang tatlong palaro na nagpakita ng pinagmulan ng *Tagultol Fishing Festival*. Ito na ang ikalawang pagkakataon na nagsagawa ng patimpalak ang A1E bilang bahagi ng selebrasyon.

Nanalo sa *Tilus Catching Contest* si G. Pocholo Degala ng Brgy. Balubad matapos makahuli ng 3.1 kilong tilus o galungong. Pangalawa si G. Piomedes Umeda ng Brgy. Caridad Ibaba na may 2.9 kilo na huli, at pangatlo si G. Angelo Garcia ng Brgy. Lumutan na may 2.7 kilo.

Ang Sagwanan ng A1E naman ay may 11 na kalahok at kinilalang panalo si G. Angelo S. Garcia ng Brgy. Lumutan. Ito ay sinundan ni G. Floro Costosa ng Brgy. Caridad Ilaya at

ni G. Christopher Altez ng Brgy. Balubad.

Nagkaroon naman ng dalawang grupo para sa Paligsahan sa Paglangoy upang mabigyan ng pagkakataon makasali ang mga bata na nasa edad 15 paba-ba at maging ang mga residente na may edad 16 pataas.

Nanalo sa unang grupo sina G. Jhun Potestad, G. AJ Robles at G. Jero Eliquo mga kabataan ng Brgy. Zone 1. Una namang nakatapos si G. Christopher Altez ng Brgy. Balubad sa ikalawang grupo. Siya ay sinundan nina G. Rhexson Castillo ng Barangay Zone 1 at G. Ardan Quizon ng Brgy. Caridad Ibaba.

Ang mga nanalo ay nagkamit ng gantimpala. Bagamat kaunti lamang ang nakilahok ngayong taon, dumami naman ang mga nanood dahil sa dulot nitong kasiyahan.

Ang patimpalak ay naging matagumpay rin dahil sa suporta at pakikipagtulungan ng Municipal Tourism Office, Office of the Municipal Agriculture, Bantay Dagat, Public Relation Information Office, at Special Project Unit (SPU).

Ang mga palarong ito ay bahagi ng pag-suporta ng kumpanya ng A1E sa lahat ng aktibidad ng lokal na pamahalaan ng Atimonan.



Mga palaro ng A1E na ginanap noong Tagultol Fishing Festival

Programang pangkabuhayan buhat sa kawayan, inilunsad ng A1E

Dalawampung anim (26) na residente mula sa iba't-ibang barangay sa Atimonan ang sumailalim sa isang pagsasanay kung paano gamitin ang kawayan para makagawa ng iba't-ibang handicrafts na maaring mapagkakitaan.

Ang mga nakilahok sa pagsasanay ay nagmula sa Barangay Caridad Ilaya, Villa Ibaba – kasama ang New Carinay Homeowners Association, at Villa Ilaya. Ang aktibidad ay isinagawa mula ika-19 hanggang ika-21 ng Hulyo. Ang programang pangkabuhayang ito magkasamang inorganisa ng Atimonan One Energy, Inc. (A1E) at Department of Trade and Industry (DTI).

Pinangunahan ni G. Eduardo Yabut mula sa DTI ang tatlong araw na pagsasanay sa paggawa ng iba-ibang gamit na gawa sa kawayan kagaya ng *lampshade*, *bamboo speakers*, *flower vase*, at iba pa. Itinuro din ni G. Yabut ang tamang proseso pagpapaganda ng mga produkto upang maging kaaya-aya ang mga ito sa mamimili.

Ang programang ito ay makakatulong upang magkaroon ng dagdag na kita ang mga residente. Malaki ang benepisyo ng negosyong ito dahil ang kita kada Linggo ay maaring umabot sa 1,500 kung



Tinanggap nina Perfecta Marquez, Dana Alvarez, Sheena Villanueva (kaliwa-pakanan), Annaliza Allegado at Omar Trapalgar (ibaba) ang mga gamit sa paggawa ng bamboo handicraft na bigay ng A1E sa pamamagitan ni Jester Querubin (pangalawa sa kanan).

maraming produktong maiibenta.

Hinihimok ng A1E ang mga taga-Atimonan na hasain ang kanilang kasanayan sa pagnegosyo sa pamamagitan ng mga materyales na makikita sa kanilang paligid katulad ng kawayan.

Ang aktibidad na ito ay nakatulong rin upang maipakita ng mga Atimonanin ang kanilang angking galing at talento sa paglikha ng mga produktong maari nilang maibenta sa mga turistang dumadayo at dumadaan sa Atimonan.



Ikatlong workshop para sa pagbuo ng Comprehensive Land Use Plan, isinagawa

Muling nagsagawa ng *workshop* kaugnay sa pagbuo ng Comprehensive Land Use Plan (CLUP) para sa bayan ng Atimonan ang Grandt Planners, Inc. (GPI) sa pangunguna ni Engr. Grace Ramos noong ika-4 ng Agosto sa Playa De Lucia Resort and Hotel sa Brgy. Balubad

Ito ang ikatlong *workshop* para sa CLUP na dinaluhan ng 64 na indibidwal sa pangunguna ni Mayor Rustico Mendoza, Vice-Mayor Nida Veranga kasama ang iba pang miyembro ng Sangguniang Bayan.

Nakiisa rin ang mga namumuno sa iba't-ibang sangay ng lokal na pamahalaan, ilang halal na opisyal ng iba't-ibang barangay at ilang pribado at publikong organisasyon sa bayan, gayundin ang mga kinatawan ng Atimonan One Energy, Inc. (A1E).

Ang CLUP na magsisilbing pangkalahatang plano o plano sa paggamit ng lupa na inidisenyo upang gabayan ang mga pagkilos sa hinaharap ng isang komunidad.

Ang paksang institusyonal, ekonomikal, sosyolohikal at kalikasan ang masusing tinalakay sa isang araw na *workshop*. Ang mga dumalo ay hinati sa apat na grupo upang bumuo ng mga konsepto, programa, layunin at ideya na makatutulong sa pangkalahatang pag-unlad ng bayan at mamamayan.

Tinalakay ang imbentaryo ng lupa, kaukulang porsiyentong planong paggamitan nito, at tamang pagpapalano para sa paggamit ng lupa.

Naging paksa din ang laki o lawak na posibleng kakailanganin sa pinaplanong *town expansion* upang maisaktuparan ang ilang pasilidad at proyektong pang komersyo at inprastruktura.



Masusing pinag-aaralan nina Konsehal Elmer Santander, MPDO Head Arnel Alcantara, Konsehal Lala Lim at Kapitana Sharon Lourdes Vallesteros (kaliwa-pakanan) ang mga proyektong inprastruktura na maaring pang ilagay sa loob ng bayan ng Atimonan.

Nabigyang pansin ang mga proyekto ng lokal na pamahalaan na makakatulong sa mga residente kagaya ng pagkakaroon ng mga karagdang pampublikong tanggapan, pagsasaayos ng mga pasilidad pangkalusugan, pagkukumpuni ng mga sirang daan, pagpapaunlad ng turismo, at iba pa.

Maganda ang pangarap ni Mayor Mendoza para sa bayan ng Atimonan at ayon sa kanya, kailangang mamulat ang mga mamamayan na kaya pang umangat ang kanilang estado ng buhay basta magkaroon lamang ng ibayong sipag at tiyaga at huwag makontento na tamang mairaos lamang ang buhay araw-araw.

Sa kabuuan, naging makabuluhan ang talakayan at pagpapalano. Nakatapos na ng dalawang workshops para sa CLUP noong ika-24 ng Mayo at ika-22 ng Hunyo. Ang ikaapat at huling workshop ay ganapin sa ika-12 ng Oktubre.

Isang bagong oportunidad mula sa simpleng pagsasanay

“Mahirap maging mahirap, pero hindi dapat maging hadlang ang kabikabusan at kawalan para tumigil ang takebo ng buhay. Bagkus dapat magsumikap upang magtagumpay at manatiling buhay ang pangarap at balang araw ikaw naman ang magniningning ng busilak”.

Ito ay mga salitang binitawan ni Jahnwill Visitacion Boiser, 31, ang pangulo ng bagong organisang Heavenly Touch Therapeutic Massage.

Si Jahnwill ay ipinanganak noong Enero 6, 1997, panganay sa tatlong magkakapatid at kasalukuyang naninirahan sa Brgy. Caridad Ilaya sa Atimonan. Ang kanyang ama ay isang mangingisda at carpentero samantalang ang kanyang ina ay isang maybahay.

Bagama't kapos ay sinikap niyang magkaroon ng diploma sa kursong Business Management Information Technology NC II (*Bookkeeping*).

Minabuti niya na makipagsapalaran sa Maynila upang doon magtrabaho. Dahil sa likas na talino at tiyaga, nakapagtrabaho siya bilang isang collection officer sa kumpanya ng Receiver's and Liquidators at kalaunan ay nakapasok bilang isang call center agent sa Mirof Resources at nagawa niyan tustusan ang pangangailangan sa kanilang bahay at pag-aaral ng kanyang mga kapatid.

Dahil sa ilang pagbabago sa kanyang pinagtatrabahang kumpanya ay nagbakasyon ng ilang buwan sa Atimonan si Jahnwill. Napagdesisyunan niyang subukan ang kanyang kapalaran sa ibang bansa upang makaipon at makatulong sa gastusin ng pamilya. Sa di inaasahang pagkakataon ay may nagbukas na isang magandang oportunidad na nagbigay sa kanya ng senyales na



Si Jahnwill habang nagmamasabe sa isa nyang kostumer na taga Atimonan.

manatili na lamang sa kanilang bayan kasama ang pamilya.

Ang oportunidad na ito ay ang programang pangkabuhayan ng Atimonan One Energy, Inc. (A1E) na may kinalaman sa pagsasanay sa Massage Wellness.

Dito nag-umpisa ang bagong kabanta sa buhay ni Jahnwill. Niyakap niya at sineryoso ang propesyon para maging isang propesyonal na *therapist*. Naitawid din niya sampu ng kanyang mga kasama ang aktuwal

at verbal na pagsusulit na ng Technical Education Skills and Development Authority (TESDA) upang mabigyan sila ng NC II eligibility.

Isang disente at marangal na trabaho ang dulot nito at ito na ang umaalalay sa kanya sa pagtataguyod ng kanyang pamilya. Para kay Jahnwill, ang pinaka importante sa lahat ay nakikita at nakakasama niya ang kanyang pamilya na kanyang tanging inspirasyon upang patuloy na mabuhay.

Sa pagtahak niya sa karerang ito, di pa man hinog ang kanyang karanasan ay masasabi ni Jahnwill na marami na siyang natutunan lalo't higit sa pagbibigay respeto sa kapwa at tamang pakikisalamuha.

Sabi pa ni Jahnwill: *“Kung saan masaya ang puso mo, doon ka. Huwag mong sukatin sa taas ng dunong o kapal ng pita-ka ng isang tao, kundi tingnan ang kanyang puso. Yun ang mas importante kasi pag masaya ka sa ginagawa mo, magaan at masarap sa pakiramdam. Isang patotoo na alam mo kung para saan ka nabubuhay. Patuloy lang na mangarap dahil ang bukas ay may dala laging pag-asa at liwanag”.*

Si Jahnwill, bagong mukha ng buhay sa bagong pahina ng kanyang karanasan. Mabuhay ka, Jahnwill!

A1E feeding program tuloy parin

Mahigit 30 bata mula na may edad 1 ½ hanggang 12 taong gulang ang nakinabang sa isinagawang feeding program ng A1E na naglalayong wakasan ang malnutrisyon sa bayan ng Atimonan.

Labinglima sa mga naitalang batang kulang sa timbang ay nagmula sa Barangay Angeles. Kasalukuyan silang sumasailalim sa 90-araw na feeding program na nagsimula noong ika-16 ng Hulyo. Samantala, 18 bata naman mula sa Barangay Villa Ibaba ang nagsimulang sumailalim sa 150-araw na feeding program noong ika-13 ng Agosto.

Ang matagumpay na pagsasagawa ng programang ito ay bunga ng patutulongan ng Atimonan One Energy, Atimonan Rural Health Unit (RHU), Sangguniang Barangay, mga boluntaryong Barangay Health Workers (BHW) at mga magulang sa mga nabanggit na komunidad.

A1E project updates sa mga NGOs

Nakipagtipon ang pamunuan ng A1E sa mga non-government organizations (NGOs) sa Atimonan, Quezon upang magbigay ng updates tungkol sa estado ng planong power plant ng kumpanya.

Ginanap noong ika-31 ng Agosto, ang pagpupulong ay dinaluhan ng mga kinatawan ng iba't-ibang sektor, at pati na rin ng dating punumbayan ng Atimonan na si Atty. Joe Mendoza.

Regular na ginagawa ng A1E ang ganitong aktibidad upang masigurong alam ng mga NGOs at residente ng Atimonan ang estado ng planta. Bukod dito ay inilalahad din ng kumpanya ang mga programang ipinatutupad sa komunidad.

Ipinaalam rin ni Dan Neil, executive vice president ng Meralco PowerGen, ang mga hakbang na tinatahak ng A1E upang umusad na ang proyekto.

IEC activities sa Atimonan mas lalong pinaigting

Patuloy pa ring nagpupunta ang pangkat ng Dalaw Turo sa iba't-ibang lugar sa Atimonan upang magsagawa ng Information, Education and Communications (IEC) campaigns. Mas pinaigting pa ito dahil bukod sa mga barangay ay dinarayon rin ng grupo ang mga paaralan.

Noong Hulyo 17 at 18 ay nagsagawa ng mga IEC sa Atimonan Central Elementary School, Atimonan National Comprehensive High School at Barangay Villa Ilaya at Angeles. Nagkaroon din ng ganitong aktibidad noong Setyembre 20 at 21 sa Manggalayan Labak Elementary School, Malusak National High School, Maligaya National High School at Barangay Lubi.

Ang IEC ay isang paraan upang lubos na maipaliwanag ang itatayong planta ng A1E at mabigyang kasagutan ng mga katanungan tungkol sa proyekto.